**COPYRIGHT NOTICE**

*This material has been reproduced and communicated to you by or on behalf of University of the Philippines pursuant to PART IV: The Law on Copyright of Republic Act (RA) 8293 or the "Intellectual Property Code of the Philippines".*

*The University does not authorize you to reproduce or communicate this material. The Material may contain works that are subject to copyright protection under RA 8293. Any reproduction and/or communication of the material by you may be subject to copyright infringement and the copyright owners have the right to take legal action against such infringement.*

*Do not remove this notice.*

**DATA PRIVACY**

*The UP Privacy Policy Notice for Students can be accessed at https://privacy.up.edu.ph/privacy-notices/ups-privacy-notice-for-students.html.*

*I understand and agree that in order to help UP uphold my right to privacy and to comply with laws, rules, regulations, UP policies and issuances, I must take all reasonable steps to secure and keep confidential the credentials (passwords, passcodes, meeting IDs and passwords etc) provided to me in order to access UPs data processing systems (eg UP mail, registration systems learning management systems), online classes held via Zoom, Meet, Teams and such other video or tele conferencing resources, electronic subscriptions and the like.*

*I agree that I will not, through any act or omission, enable third parties to use such credentials when to do so would violate or would lead to the violation of existing laws such as the Data Privacy Act of 2012, Intellectual Property Code of the Philippines, Cybercrime Prevention Act of 2012 and other applicable laws, rules and regulations University policies such as the policies governing staff and student discipline, the Acceptable Use Policy (AUP) of the University, IT security issuances and measures and the like.*

*I understand and agree that in the event I violate such undertaking UP may, pursuant to applicable laws, rules, regulations and UP policies including its AUP suspend and/or cancel such access credentials without prejudice to and in addition to all other legal remedies and actions that UP and or affected third parties may take against me.*

______________________________
*Print name above signature*

______________________
*Date*

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

**GABAY SA KURSO**

**DESKRIPSYON**

Nakatuon ang kursong ito sa pagsusuri sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan. Sa pamamagitan ng kursong ito, maitatampok ang mga layunin na nagsusulong ng mapanuri at mapagpalayang edukasyon, pahahalagahan ang mga wika sa Pilipinas bilang batayan sa pagpapaunlad ng wikang pambansa, at nagkikintal na ang pag-aaral ng wikang Filipino ay pagkatutong panghabambuhay.

**LAYUNIN SA PAGKATUTO**

Sa katapusan ng kurso, inaasahan ang mga mag-aaral ay:

1. Nakapagpapaliwanag ng konsepto, kasaysayan, at halaga ng wikang Filipino;
2. Nakapagsusuri ng iba't ibang aspekto ng ugnayan ng wika at kultura tungo sa paglikha ng diskurso at pagbuo ng pananaw-mundo;
3. Nakalilikha ng proyekto o pag-aaral sa iba't ibang disiplina gamit ang lawak at lalim ng wikang Filipino at;
4. Nakabubuo ng indibidwal o kolektibong pagsusuri, pagpapasya, pagpaplano, at pagkilos para sa pag-uswag ng wikang Filipino.

**BALANGKAS**

Unit 1 – Mga Konsepto sa Kasaysayan ng Wikang Filipino/Wikang Pambansa
- A. Mga batayang konsepto sa pag-aaral ng Wikang Filipino
- B. Kasaysayan ng Wikang Filipino

Unit 2 – Wika at Kultura
- A. Wikang Filipino Bilang Pananaw-mundo
- B. Wika at Kultural na Diversidad, Ugnayan, at Pagkakaisa
- C. Wika, Identidad at Bansa
- D. Wika, Agham at Teknolohiya
- E. Wika at Usaping Panlipunan

Unit 3 – Wikang Filipino sa Produksiyon ng Kaalaman sa Iba't ibang Larang
- A. Pagtuklas at Paglinang ng Wika at ng mga Kaalamang Batay sa Lokal at Katutubong Kaalaman
- B. Intelektwalisasyon ng Wika

Unit 4 - Mga Hamon at Tunguhin ng Wikang Filipino
- A. Ang Wikang Filipino sa mga Usaping Lokal
- B. Ang Wikang Filipino sa mga Usaping Internasyonal
- C. Pagsasabuhay, Pagpapatatag, at Pag-uswag ng Wikang Filipino

**MODA NG PAGHAHATID NG KURSO**

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

Sa pangkalahatan, singkrono o onsayt ang paraan ng pagsasagawa ng klase. Ang kursong ito ay naka-upload bilang Wika 1 (seksyon ng klase) sa UPM VLE. Ang lahat ng modyul, gawain, rubrik at mga materyal sa kurso ay matatagpuan sa VLE. Kung hindi matuloy ang onsayt na klase, maaaring mag-iskedyul ng online na klase (Zoom meeting).
Maaaring magpakonsulta sa pamamagitan ng Forum na MGA ANUNSIYO sa VLE. Maaari ding mag-email na onjoson@up.edu.ph. Bawat gawain ay bibigyan din ng feedback sa VLE, o sa email. Kung nais ng konsultasyon sa loob ng opiisina ng CAS o UPM, magpaiskedyul sa pamamagitan ng pag-email. **Ang oras ng konsultasyon (email) ay Lunes-Biyernes, 9nu-5ng maliban sa Sabado, Linggo, at pista opisyal.**

**MGA KAGAMITAN AT BABASAHIN SA KURSO**
Ang nilalaman ng course pack para sa Wika 1 ay ang sumusunod:
- Gabay sa Kurso (Course Guide)
- Mga Modyul at Babasahin (Learning Resources)

Sa **Gabay sa Kurso** makikita ang deskripsyon at layunin sa pagkatuto ng kurso. Dito makikita ang detalyadong silabus na gagamitin sa klase. Dito rin makikita ang mga detalyeng mahalaga sa magiging daloy ng kurso ngayong semestre.

Ang mga **Modyul at Babasahin** sa Wika 1, bilang bahagi ng System G.E. ay matatagpuan sa *de numerong modyul (Modyul 1, 2, 3, atbp.*). Gagamitin ang mga modyul na ito bilang gabay sa mga pangunahing paksa, lalo ang mga babasahin sa kurso.

Sa loob ng course pack na inihanda ng propesor, may mga *de letrang modyul (Modyul A, B, C. atbp.)* na siyang naglalaman ng mga gawain (*Gabay sa Gawain at Gabay sa Assignment*). Ang mga gawaing ito sa de letrang modyul ang gagawin, susundin, at isusumite sa VLE. Nakasaad sa mga gawaing ito ang proseso, format, at deadline.

**ISKEDYUL NG KLASE**

| Linggo | Paksa | Modyul at Babasahin | Gawain/Kahilingan |
|---|---|---|---|
| 1 | Oryentasyon sa klase<br>Introduksiyon sa kurso | 1. Modyul A sa Wika 1 course pack<br>2. De Quiros, *Kapangyarihan ng Wika*<br>3. Soriano, *Language, Learning*<br>4. Pimentel, *How My Sons Lost* | Talakayan sa klase. |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2 | Unit 1 - Mga Konsepto ng Wikang Filipino/Wikang Pambansa | 1. Modyul B sa Wika 1 course pack<br>2. Constantino, *Wikang Filipino Bilang Konsepto*<br>3. Ocampo, *Varayti ng Wika* | Pangkatang Gawain – Sarbey, video |
| 3 | Kasaysayan ng Wikang Filipino | 1. Modyul C sa Wika 1 course pack<br>2. Almario, *Mulang Tagalog*<br>3. *KWF website.* Masinop na Pagsulat sa Wikang Filipino. Kabanata 4-9 o pahina 29-51 at Kabanata 11 o pahina 57-62 lamang | Talakayan sa klase<br><br>Maikling Pagsusulit |
| 4 | Unit 2 - Wika at Kultura<br><br>Wika bilang pananaw-mundo<br><br>Wika at Kultural na Diversidad | 1. Modyul D sa Wika 1 course pack<br>2. Deutscher, Prologue ng *Through the Language Glass*<br>3. Singh*, Language, Thought and Representation (nasa Language, Society, and Power ni Thomas)*<br>*4.* Constantino, *Pluralidad Tungo sa Identidad.* | Talakayan sa klase<br><br>Maikling sanaysay |
| 5 | Usaping Pangkasarian Usaping Panrelihiyon | 1. Modyul E sa Wika 1 course pack | Talakayan sa klase<br><br>Maikling sanaysay |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | 2. Santiago, *Wika, Kasarian*<br>3. De Castro, *Pagiging Lalaki*<br>4. Mga Tula sa Kasarian | |
| 6 | Usapin ng Katarungang panlipunan<br>Usapin ng Kolonyalismo | 1. Modyul F sa Wika 1 course pack<br>2. Peregrino, *Wika ng Relihiyon*<br>3. Mgat Tula<br>4. David, *Wika Bilang Instrumento*<br>5. Paz, *Wika ng Naghaharing Uri* | Talakayan sa klase<br>Maikling pagsusulit<br>Pangkatang Pag-uulat |
| 7 | Unit 3 - Wikang Filipino sa Produksiyon ng Kaalaman sa Iba't ibang Larang<br>Intelektwalisasyon sa Wika<br>Pagsasalin: Uri, at Praktis | 1. Modyul G sa Wika 1 course pack<br>2. Gonzalez, *Language Planning*<br>3. Zafra, *Ilang Tala sa Estado* | Talakayan sa klase<br>Pagsasalin ng Awit |
| 8 | Wikang Filipino sa Larang Agham at Teknolohiya<br>Astronomiya<br>Medisina | 1. Modyul H sa Wika 1 course pack<br>2. Ambrosio, D. *Wika, Astronomiya, Kultura*<br>3. Azicate, E. *Wika ng Medisina* | Talakayan sa klase<br>Maikiling pagsusulit<br>Pangkatang Pag-uulat |
| 9 | Wikang Filipino sa Larang ng Sining | 1. Modyul I sa Wika 1 course pack | Talakayan sa klase |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | 2. Fernandez, D. *Maaring Kilalanin ang Pilipino sa Pagkain.* | Paghahanda ng video |
| 10 | Wikang Filipino sa Larang ng Agham Panlipunan<br><br>Sikolohiya<br>Pilosopiya | 1. Modyul J sa Wika 1 course pack<br><br>2. Covar, P. Kaalamang Bayang Dalumat sa Pagkataong Pilipino. *Daluyan* 2015. pp. 79-90.<br><br>3. Dagmang, F. Hiya: Daan at Kakayahan sa Pakikipagkapwa. *MST Review (Introductory Issue 1996).* pp.66-90. | Talakayan sa klase<br><br>Maikling pagsusulit<br><br>Pangkatang Pag-uulat |
| 11 | Unit 4 Mga Hamon at Tunguhin ng Wikang Filipino<br><br>Ang Wikang Filipino sa mga Usaping Lokal | 1. Modyul K sa Wika 1 course pack<br><br>2. De Guzman, P. *Ang Pagliligtas sa mga labi ni Ayta Magbukun*<br><br>3. Headland, T. *Thirty Endangered Languages*<br><br>4. Llaneta, C. *Language of Learning*<br><br>5. Dokumentaryong “Don’t English Me” ni Howie Severino | Talakayan sa klase<br><br>Maikiling pagsusulit<br><br>Pangkatang Pag-uulat |
| 12 | Ang Wikang Filipino sa mga Usaping Internasyonal | Modyul L sa Wika 1 course pack | Talakayan sa klase<br><br>Maikiling pagsusulit |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | Pangkatang Pag-uulat |
| 13 | Pagsasabuhay, Pagpapatatag, at Pag-uswag ng Wikang Filipino | 1. Modyul M sa Wika 1 course pack<br>2. Paz, *Unibersal na Nukleyus*<br>3. Constantino, *Lingguwistik na Ilusyon*<br>4. Ambagan 2009 | Talakayan sa klase<br>Maikling sanaysay |
| 14 | Paglalagom ng Kurso | | |

**KAHILINGAN SA KURSO***
*Mga Gawaing Video at Pangkatang Ulat 40%*
*Maiikling Pagsusulit 40%*
*Maiikilng Sanaysay 20%*

**I-upload ang mga Kahilingan sa Kurso sa VLE. Maaari ding mag-open ng Google Drive Folder at Youtube Account (unlisted videos) para sa mga kahilingan sa kurso. Tiyaking may access ang propesor sa Folder at unlisted videos.*

Mga Gawaing Video at Pangkatang Ulat
Sa mga video inaasahang maipapakita ng estudyante ang kaniyang husay sa pananaliksik sa iba't ibang paksa tungkol sa wika. Gayundin, maipapakita ng estudyante sa ulat ang kakayahang pangwika at lalim ng pagsusuri ng paksa.
Samantalang inaasahan sa mga pangkatang ulat ang malikhain at mapanuring pagbabasa at presentasyon ng natutunan mula sa mga sanaysay sa klase. Maipapakita rin sa mga pangkatang ulat ang kakayahan ng mga estudyante sa malalim na talakayan at diskusyon sa pagitan ng mga miyembro at kaklase.

Maiikling Pagsusulit
Ang maiikling pagsusulit ay iikot sa mga babasahin at modyul sa klase. Gaganapin ang mga pagsusulit sa VLE at/o *onsite*. Para sa mga pagsusulit sa VLE, nakasaad sa modyul ang saklaw, bilang ng tanong, puntos, at oras. **Sequential ang daloy** kaya hindi maaaring balikan ang mga naunang tanong/tugon. Para sa mga pagsusulit na *onsite*, nakapaloob sa mga pangkatang ulat ang pagsusulit at saklaw nito. **Walang espesyal na pagsusulit para sa mga hindi makakukuha nito. Awtomatikong zero (0) ang puntos para sa pagsusulit na hindi nakuha.**

Maiikilng Sanaysay

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

Sa Gabay sa Gawain nakalista ang detalye ng sanaysay (paksa, format, rubrik at deadline). Hindi kasama ang pahina ng titulo, at mga sanggunian sa bilang ng mga salita sa mga gawaing sanaysay. **Ang sistema ng dokumentasyon ay estilong APA.** Layunin nitong linangin ang kakayahang pangwika at kritikal na pagsusuri ng mga estudyante sa klase. Ang mga paksa ay iikot sa iba't ibang usaping pangwika at panlipunan na nagaganap sa kasalukuyan. Inaasahang makikita ng estudyante na ang pag-aaral at pagkatuto ng wika ay hindi maititiwalag sa lipunan at kulturang pinagmulan nito.

| Sistema ng Paggagrado: |
|---|
| 100-97 = 1.0 |
| 96-93 = 1.25 |
| 92-89 = 1.5 |
| 88-85 = 1.75 |
| 84-80 = 2.0 |
| 79-75 = 2.25 |
| 74-70 = 2.5 |
| 69-65 = 2.75 |
| 64-60 = 3.0 |
| 59-0 = 5.0 |

**TUNGKOL SA PROPESOR**

*Nagsimula akong magturo noong 1998 pagkatapos ng kolehiyo at kasabay ng pag-aaral ng Masterado. Ibig sabihin, mas matanda pa ako sa mga magulang ninyo. Sumibol ako sa panahong hindi pa gaanong laganap ang teknolohiya kaya aminadong hindi gamay sa maraming teknikalidad ng apps, software, at internet. Pero hindi rin naman ako ignorante. Malay ako sa kahalagahan ng teknolohiya lalo ngayong nasa pandemya tayo. Kaya handang-handang ako matuto kasabay ninyo.*

*Pinapauso ko ang palayaw na Ma'am Ow kaya sana naman makisama kayo. Tutugon lamang ako sa palayaw na iyan kaya maiging simulan ang inyong mga email gamit iyan. Ang opisyal kong email account ay onjoson@up.edu.ph.*

**MGA PANUNTUNAN SA KLASE:**

1. Mahalaga ang pagdalo sa klase. Alinsunod sa pamantayan ng unibersidad sa attendance, mayroon lamang anim (6) na pagliban ang isang estudyante. Sa ikapitong (7) pagliban, tatanggap siya grade na DRP (DROPPED).
2. Para sa mga presentasyon ng pangkat, isang miyembro lamang ang magsusumite/mag-a-upload ng file sa ngalan ng pangkat. Tiyaking nakasulat ang pangalan ng pangkat, at pangalan ng mga miyembro. Palaging nasa PDF format ang mga isusumiteng kahilingan sa klase. Pangalan ng pangkat ang default file name.
3. Para sa mga indibidwal na sanaysay, palaging mag-attach ng TURNITIN SIMILARITY REPORT sa huling bahagi ng sanaysay.
4. Kailangan tiyaking may akses ang propesor sa Google Drive o UNLISTED video para sa mga isusumiteng gawain. Kung hindi nabubuksan ang file, HINDI ITO BIBIGYAN NG PUNTOS (zero points).

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

5. I-send ang mga gawain/kahilingan (requirements) sa VLE submission page. **Huwag i-send sa email ng propesor.** Ang mga gawain/kahilingan (requirements) na sinend sa email ay hindi tatanggapin at bibigyan ng zero (0) na puntos.

6. Isang submission bawat Gawain o Assignment lamang ang tatanggapin. Ang unang file na isinumite sa VLE ang siyang kikilalanin bilang pinal na submission.

7. **HINDI tatanggapin ang mga nahuli (late) na submission ng mga gawain. Alamin ang deadline at sundin ito.** Ang mga gawain/kahilingan (requirements) na nahuli (late) ay bibigyan ng zero (0) na puntos.

8. Walang rounding up rule ng pinal na grado.

9. Ang mga larawan at video submissions ay karapatang-pag-aari ng gumawa/nagsumite nito. Mahigpit na ipinagbabawal ang pag-download, pag-screenshot, at pag-share ng mga ito sa social media nang walang paalam o pahintulot mula sa may-ari. **Ang sinumang matutuklasang lumabag sa pamantayang ito ay mananagot sa ilalim ng Student Conduct and Discipline ng Unibersidad.**

10. **Mahigpit na ipinapatupad ang Academic Integrity Policy ng Unibersidad. Mahigpit na ipinagbabawal ang anumang anyo ng PLAGIARISM, PANGONGOPYA, AT PANDARAYA sa klase. Ang sinumang matuklasan at mapatunayang lumabag sa sa polisiyang ito ay tatanggap ng zero (0) puntos sa gawaing pangklase.**

11. Nirereserba ng propesor ang opsyon na gamitin ang mga isinumiteng proyektong video o sanaysay sa mga susunod pang klase para sa layuning edukasyonal lamang. Laging kikilalanin ang karapatang pag-aari ng mga estudyante sa anumang isinumite sa klase.

Mga Sanggunian:
Wika 1 – Mga Modyul. Bahagi ng Programang GE ng Sistemang UP. 2018.

Constantino, Ernesto. "Mga Lingguwistik na Ilusyon sa Pilipinas." Nasa Constantino, Pamela C. at Monico M. Atienza (Ed.). Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan. Lungsod Quezon: UP Press, 1996. 179-186. Print.

Constantino, Pamela, editor. *Filipino at Pagpaplanong Pangwika. Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL.* National Commission for Culture and the Arts, 2005.

Coroza, Michael. (Ed.). Ambagan 2013: Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2015. Print.

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

Coroza, Michael & Zafra, Galileo. Ambagan 2011: Mga salita mula sa iba't ibang wika sa Filipinas. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2014. Print.

David, Randy. “Ang Wika bilang Instrumento ng Pambansang Pagpapalaya”. Diliman Review Vol.36 No. 4, 1988. pah 3-4.

de Castro, Leonardo. “Pagiging Lalaki, Pagkalalaki at Pagkamaginoo.” Philippine Social Science Review. Tomo 52, Blg 1-4, 1995, mp. 127-142.

Deutscher, G. (2010). Through the language glass: Why the world looks different in other languages. New York, NY: Henry Holt and Company

Gonzales, Andrew. “Language planning and intellectualization.” *Current Issues in Language Planning*, Vol. 3, No. 1, 2002, pp. 5-27.

Lumbera, Bienvenido. “Saan tutungo ang wikang Filipino ngayong binubura ito ng globalisasyon?” *Filipino at Pagpaplanong Pangwika*. *Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL* inedit ni Pamela Constantino, Commission for Culture and the Arts, 2005, pp. 260-265.

Ocampo, Nilo. “Varayti ng Wika.”Peregrino, J., Constantino, P., Ocampo, N., at Petras, J., mga editor.*Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino.*LungsodQuezon: Sentro ng Wikang Filipino, 2012. p. 18-39.

Paz, Consuelo J. <u>Filipino Atin Ito</u>. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.1995.

Paz, C.J. (1985) Wika, Linggwistika, at Bilinggwanismo sa Pilipinas. Constantino, Gonzales, at Ramos (Ed.). Philippines: REX Bookstore.

Paz, Consuelo J. “Wika ng Naghaharing-Uri.” Nasa Constantino, Pamela C. at Monico M. Atienza. Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan. Lungsod Quezon: UP Press, 1996, mp. 69-78.

Peregrino, Jovy. et.al. pat. Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino. Lungsod Quzon: Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman, 2012.

Quindoza Santiago, Lilia. “Ang Diskursong Patriarkal sa Wika at Panitikang-Bayan.” Nasa Constantino, Pamela C. at Monico M. Atienza. Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan. Lungsod Quezon: UP Press, 1996, mp. 89-112.

____________________. “Wika, Kasarian at Sekswalidad.” (papel na binasa sa Ika-8ng Konggreso ng Linggwistiks sa Pilipinas noong 15-17 Disyembre, 1998).

Santos, Benilda, editor. *Filipino sa Loob at Labas ng Bansa: Unang Sourcebook ng SANGFIL.* National Commission for Culture and the Arts, 2000.

Singh, I. (2004). Language, thought, and representation. In L. Thomas, S. Wareing, I. Singh, J. Peccei, J. Thornborrow & J. Jones (Eds.), *Language, Society and Power: An Introduction (pp. 17-33).* London. Routledge, 2004.

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

Zafra, Galileo S. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). *Katipunan*. *No. 1*, pp. 1-26, doi: http://dx.doi.org/10.13185/KA2016.00102

JOSON ALL RIGHTS RESERVED